IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

# Etnolinggwistikong Pagtingin Sa Sistema Ng Transportasyon At Komunikasyon Ng Mga Katutubong Taobuid

**JULIUS A. MORITE**
Teacher III
Occidental Mindoro State College
Master ng Sining sa Pagtuturo ng Filipino
julius.morite@deped.gov.ph

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa Etnolinggwistikong Pagtingin sa Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon ng mga Taobuid Mangyan. Naglalayon itong malaman, maipabatid at maipakita ang dahilan ng paglalakbay ng mga katutubo, ang uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon at ngayon, ang karanasan ng mga katutubo sa paggamit ng makabagong uri ng transportasyon, mabatid ang paraan at dahilan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid. ang karanasan ng mga katutubo sa paggamit makabagong uri ng komunikasyon, ang posibleng epekto ng makabagong transportasyon at komunikasyon sa kaalaman ng mga katutubong Taobuid, ang pamamaraan na ginagamit ng mga katutubong Taobuid para makaagapay sa makabagong pamamaraan ng transportan at komunikasyon.

Ang pag-aaral ay gumamit ng kwalitatibong uri ng pananaliksik. Layunin nito na malalimang unawain ang pag-uugali at ugnayan ng mga tao at ang dahilan na gumagabay nito. Ang mga kalahok ay pinili sa paraang Purposive Sampling. Pakikipanayam sa mga katutubong Taobuid gamit ang semi-structured interview guide, pagmamasid o obserbasyon at focus group discussion ginamit sa mga kalahok sa pagkalap ng mga datos. Ang mga kalahok ay binubuo ng 15 katutubong Taobuid.

Sa pagsusuri at balidasyon ng kawastuhan ng ng mga datos, gagamitin ang dulog na linyar at hirarkikal ni Creswell (2009).

Napag-alaman ng mananaliksik na ang dahilan ng paglalakbay ng mga Katutubong Taobuid ay dahil sa kabuhayan. Ang pinakaunang uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon ay paglalakad ng lumaon ay gumamit na sila ng dyip bilang makabagong uri ng transportasyon. Lumalabas naman sa mga nakalap na datos na nilalayuan pa rin ng mga Tagalog (Seganon) ang mga katutubo patunay na patuloy pa rin ang diskriminasyon sa kanila. Ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid ay pasigaw. Ang pangangailangan naman ang pinakadahilan ng pakikipagkomunikasyon ng mga katutubo. Nakaranas ng hirap sa una ang mga Katutubong Taobuid paggamit ng makabagong uri ng Komunikasyon. Ang epekto ng makabagong komunikasyon ay nawiwili ang mga katutubo sa paggamit ng cellphone at napapadali naman ang pagdala ng produkto dahil sa mga modernong sasakyan na siyang epekto ng makabagong transportasyon sa mga katutubo. Nagbebenta sila ng kanilang mga produkto at naglilinis na sila ng kanilang mga katawan upang maiwasan na ang diskriminasyon sa kanila bilang pamamaraan na ginagamit ng mga Katutubong Taobuid para makaagapay sa makabagong Pamamaraan ng Transportasyon at Komunikasyon.

***Keywords — Mangyan, Transportasyon, Komunikasyon, Etnolinggwistik, Taobuid***

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

# I. Introduksyon

TAng transportasyon ay isang paraan ng paghahatid mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar. Noong sinaunang panahon, iba't ibang paraan at sasakyan ang ginamit sa paglalakbay depende sa kalagayan ng mga manlalakbay at sa kanilang destinasyon o sa mga lugar na pagdadalhan ng mga kargamento (Jehovah's Witness.Org).

Ang pagkakaroon ng transportasyon sa anomang oras ay makatutulong upang madagdagan ang pang-ekonomiyang aktibidad. Karamihan sa mga industriya at negosyo ay nangangailangan ng transportasyon upang kumuha at tumanggap ng mga kalakal at hilaw na materyales upang mapanatili ang tubo at panatilihin ang isang matatag na negosyo, o kaya ng kita. Ang paglago ng ekonomiya ay nakasalalay sa pagkakaroon ng transportasyon, nagbibigay-daan ito sa higit pang kalakalan na lumabas sa mas malawak na mga mamimili upang sila ay makakakuha ng mga kalakal mula sa malalayong lugar.

Isa sa mga pinakadakilang tuklas ng tao ang komunikasyon. Kumikilos ang mga tao dahil sa bisa ng komunikasyon. Dahil sa paghahatiran at pagpapalitan ng mga ideya, impormasyon, karanasan at mga saloobin ng tao, nagaganap ang iba't ibang uri ng gawain na nagbubunga ng mabuti at di mabuti na siyang pinagmumulan ng pag-unlad ng pamumuhay ng tao. Ang pagtuklas sa iba't ibang larangan pati na ng kalawakan ay saklaw ng komunikasyon kaya't ang mga bansang may maunlad at mabisang paraan ng komunikasyon ay higit na progresibo kaysa sa mga bansa ng huli sa bagay na ito. Ito ang dahilan kung bakit patuloy na pinauunlad ang teknoloji sa larangan ng komunikasyon (janinadolfo, 2018).

Ang komunikasyon ay paghahatid ng mahahalagang impormasyon sa isang paraang masining upang maging mabisa at mahusay na maipahayag ng tao ang kanyang palagay o saloobin sa kanyang kapwa, anuman ang paksang inaakala niyang mahalagang mapag-usapan (Verdeber, 1987). Likas sa isang tao na makisama, makihalubilo, makipagtalastasan sa kapwa bilang kasapi ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit patuloy na pinauunlad ang teknolohiya sa larangan ng komunikasyon (Arenas, 2014).

Kaugnay nito, ang kawalan ng maayos na transportasyon at komunikasyon ng mga katutubo ang nag-udyok sa mananaliksik para maisagawa ang pag-aaral kaugnay nito. Mapapansin na wala pang mga naitatalang mga kaparehong pag-aaral na siyang nagbibigay-tuon sa dalawang aspeto na mahalaga sa pag-unlad ng lipunan. Isa ito sa susubuking sagutin ng mananaliksik kung ano na ang kalagayan sa kabila ng mabilis ng pag-unlad na dala ng teknolohiya.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang sumusunod ay mga layunin ng pag-aaral na ito:

1. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang dahilan ng paglalakbay ng mga katutubo.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

2. Malaman ang paraan at uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon at ngayon.
3. Matukoy ang karanasan ng mga katutubo sa paggamit ng makabagong uri ng transportasyon.
4. Mabatid ang paraan at dahilan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid.
5. Malaman ang karanasan ng mga katutubo sa paggamit makabagong uri ng komunikasyon.
6. Mabatid ang posibleng epekto ng makabagong transportasyon at komunikasyon sa kaalaman ng mga katutubong Taobuid.
7. Matukoy ang pamamaraan na ginagamit ng mga katutubong Taobuid para makaagapay sa makabagong pamamaraan ng transportasyon at komunikasyon

**Balangkas Teoretikal**

Ang pag-aaral ay nakaangkla sa Teoryang Modernisasyon na sa pananaw ng iskolar, ang modernisasyon ay isang pandaigdigan at hindi paulit-ulit na proseso ng pagbabago sa lipunan kung saan ang mga tradisyonal na lipunan ay kailangang lumipat patungo sa modernisado at industriyalisasyon para sa kalaunan ay makamit ang pag-unlad (Knob 2003, p.96; Roberts & Hite 2000, p.9) Ang pag-unlad sa panahon ng modernisasyon ay ipinapalagay din na industriyalisasyon at urbanisasyon na kung saan ang mga kalsada ang magdadala sa isang bansa sa pag-unlad (Sillitoe 2001; Peet, Hartwick & Hartwick 2009). Ang pag-unlad ay batay sa pagbuo ng kapital na mula sa teknolohiya, populasyon at mapagkukunan, salapi at piskal na patakaran, industriyalisasyon, pag-unlad sa agrikultura, komersiyo, at kalakalan (Agbo, 2005). Ayon sa Teorya ng Modernisasyon, ang mga modernong lipunan ay mas produktibo, ang mga bata ay mas mahusay na pinag-aralan at ang nangangailangan ay tumatanggap ng higit na kapakanan; kaya ang modernisasyon ay isang hindi paulit-ulit at hindi maiiwasang proseso na sa kalaunan ay maging isang kanais-nais na layunin para sa mga mahihirap na bansa (Huntington 1976, pp. 30-31).

Ang pag-aaral na ito ay sinusuportahan din ng Ting-Toomey's Identity Negotiation Theory. Sa teoryang ito, ang pagkakakilanlan ng isang tao ay palaging umuusbong mula sa pakikisalamuhang panlipunan. Ang teoryang Ting-Toomey ay nakapokus sa kultura at etnikong pagkakakilanlan at pakikipagkomunikasyon sa loob at labas ng iba't ibang grupong kultural. Ayon sa teoryang ito, ang pagkakakilanlan ay may kaugnayan sa pakikipagkomunikasyon sa iba't ibang kalagayang kultural at indibidwal na nagdadala ng sariling pagkakakilanlan sa iba pang uri ng komunikasyon (Ting-Toomey, 1991).


Sa pananaw na ito, ang pakikitungo sa iba pang miyembro ng iba pang grupong kultural ay napakahalaga para matutunan ang kahulugan at interpretasyon ng kultural namana.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Sa teorya naman nina Gruen & Yee (2005) binigyang-diin na ang sakit at pinsala ng mga katutubo ay karaniwang produkto ng "paghihirap" na kanilang nararanasan (halimbawa ay layo ng distansya, kawalan ng sariling sasakyan, at kabawasan ng serbisyo ng transportasyon, mataas na porsyento ng walang trabaho, mababang antas na natapos sa pag-aaral at iba pa).

**Balangkas Konseptwal**

Ang kahalagahan ng isang pag-aaral ay maisasakatuparan lamang kung may sapat na datos na mapagbabatayan.




**Figyur 1.** Etnolinggwistikong Pagtingin sa Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon ng mga Taobuid Mangyanhe

## II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong uri ng pananaliksik. Layunin nito na malalimang maintindihan ang pag-uugali at ugnayan ng mga tao at ang dahilan na gumagabay nito. Ang disenyong ito ay pinapatnubayan ng paniniwalang ang pag-uugali ng tao ay laging nakabatay sa mas malawak na kontekstong pinangyayarihan nito at ang mga panlipunang realidad gaya ng kultura, institusyon at ugnayang pantao na hindi maaaring mabilang o masukat. Layunin nitong magpakita ng malinaw at detalyadong salaysay ng karanasan ng tao. Kabilang sa metodong madalas gamitin sa ganitong uri ng pananaliksik ang pakikisalamuhang obserbasyon, pakikipanayam at pagsusuri ng nilalaman (De Laza, 2016). Upang matugunan ang layunin ng pananaliksik, ang paglubog (immersion) ang pangunahing pamamaraang ginamit kaakibat ang pamamaraang linggwistik, etnograpik at historical.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ang pananaliksik ay isasagawa sa Sitio Tamisan, Barangay Poypoy, Bayan ng Calintaan, Taong Panuruang 2018 – 2019 noong Hunyo 30, Hulyo 20 – 23, 27 – 29, Agosto 3 – 5 at Nobyembre 7, 2018.

Bilang bahagi ng proseso at umaalinsunod sa protocol ng etika ng pananaliksik, ang mananaliksik ay kumuha ng free prior and informed consent (FPIC) mula sa mga lider at gatekeeper ng komunidad tulad ng NCIP, DepEd, LGU-Barangay, Council of Elders at ibang samahang panrelihiyon. Magbibigay-pugay sa Kapitan ng Barangay, mga lider ng komunidad at Council of Elders bago ang paglubog. Sa pamamagitan nito, maisaalang-alang ang kaligtasan ng mga mananaliksik at mapangalagaan ang kultura ng mga katutubong Taobuid.

Tumagal ng sampung araw ang pananatili sa pamayanan ng mga mananaliksik upang mabigyan ng sapat na oras na madama, mapahalagahan at maiangkop ang sarili sa kultura ng Taobuid gayundin sa kanilang wika.

Bago ang obserbasyon at pakikipanayam, nagsagawa ng pagpapabatid sa mga kakapanayamin bago ang pakikipanayam. Isinagawa ito upang matiyak na ang mga nakuhang impormasyon ay may katotohanan. Kumuha ng mga video at larawan nang may pahintulot ng mga miyembro ng komunidad na kasangkot. Ang mga panayam ay isinalin sa anyong pasulat pagkatapos na ito'y maisagawa.

Habang nakikipanayam, kumuha ng tala ang mga mananaliksik at pinagtuonan ang mga di-berbal na mga kilos at gawi tulad ng ekspresyon ng mukha. Kaugnay pa rin ng etikal na usapin tungkol sa pagtatala, ipinabatid sa mga kalahok kung papaanong ang mga tala ay sisinupin. Isinagawa ang obserbasyon sa pananaliksik na ito upang makakuha ng higit na pagkaunawa sa kultura ng Taobuid Mangyan at upang makapagsagawa ng higit na balidong pakikipanayam sa mga kalahok (Kvale at Brinkma, 2009). Upang makolekta ang mga datos, gumamit ng audio-tape recording at field notes. Sa pamamagitan ng paggamit ng audiotape, mapagtutuonan nang husto ng mananaliksik ang buong usapan.

Matapos ng koleksyon ng mga datos, muling bumalik ang mananaliksik upang ipakita ang mga nabatid na impormasyon at tinanong ang tribu kung alin ang nais nilang ibahaging impormasyon.

Ang pamaraang ginamit sa pagpili ng mga respondente ng pananaliksik na ito ay Purposive Sampling sa pakikipanayam sa mga Katutubong Taobuid at ang kabuuan ng pamayanan sa pagmamasid o obserbasyon ng mga kinakailangang datos upang makakalap ng datos para sa pag-aaral. Sinikap ng mananaliksik na isagawa, hanggat maaari, ang pakikipanayam sa lugar ng pinagtatrabahuhan ng mga katutubong Taobuid o kaya'y sa kanilang mga tahanan. Isinagawa ito sa panahon ng pamamalagi ng mananaliksik sa kanilang pamayanan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Sa pagsusuri at balidasyon ng kawastuhan ng ng mga datos, gumamit ng dulog na linyar at hirarkikal ni Creswell (2009). Ang dulog na ito ay may anim na hakbang sa pag-aanalisa ng datos. Ang mga hakbang ay magkakaugnay patungo sa pagbuo ng tema ng pag-aaral.he

## III. Resulta at Pagtalakay

### Dahilan ng Paglalakbay ng mga Katutubong Taobuid

Ang paglalakbay ay ang paglipat ng mga tao. Kabilang sa mga dahilan: turismo, paglalakbay para sa libangan; maaring ilapat ito sa paglalakbay mismo, o maaari na isang kailangan na puhunan ang paglalakbay upang makarating sa isang ninais na pook pagdalaw sa mga kaibigan at mag-anak, pakipagkalakalan, sa kalumaan, ilang pangkat ng mga tao ang naglalakbay ng malawak na layo upang makipagpalitan ng mga produkto na makukuha lamang sa ilang lugar (Corralesso, 2017).

Ipinapakita sa talahayan 1 na ang kabuhayan ang pangunahing dahilan ng paglalakbay ng mga katutubong Taobuid na may 60 na bahagdan. Ang Sitio Tamisan ay matatagpuan sa mabundok na dulong bahagi ng Poypoy, Calintaan. Ang pangunahing kabuhayan ng mga katutubo rito ay ang pagbubungkal ng lupa at pagtatanim ng mga lamang ugat gaya ng luya, gabi *(lingínan*), bilao (biráo), kamote (búkay) at iba pa. Kapag araw ng Linggo ay bumababa ang mga katutubong nakatira sa Iglit at nagbibenta ng kanilang produkto sa baryo maging sa bayan at nakikipapalitan sa mga kapwa katutubo at kung minsan ay may mga Tagalog (*Seganon*) na pumupunta sa Sitio Tamisan upang bumili *(nanbilí*) ng maramihan at bultuhan. Kadalasang saging ang pinakamabili nilang produkto dahil ito ay madaling mamunga. Kadalasang mga kalalakihan ang bumababa at nagbibenta ng mga produkto dahil ayon sa kanila mas sanay silang makipag-usap sa mga tagapatag at mas mataas ang kaalaman sa numero para hindi maloko.

Pinatunayan iyan ng dokumentaryo ni David (2014) na sa mga bundok ng Bongabong, Oriental Mindoro, walang kalsada patungo sa pamilihan. Dito, ang mga katutubong Mangyan ay akyat-baba sa gubat, buhat ang kanilang mga ibebentang pananim. Dito, gamit nila ang kanilang pinakapinagkakatiwalaang transportasyon: ang kanilang mga paa.

Ang mga kalahok na may bahagdan na 33.33 ang tumugon na ang dahilan ng paglalakbay nila ay relihiyon. Ayon sa aking pakikipanayam at obserbasyon na noong unang panahon, ang mga katutubo ay sumasamba sa kalikasan gaya Diyos (*fuubalógo*) ng ilog (*anáwan),* hangin, panahon, araw, bituin, bato, tubig o batis, kapatagan at puno ayon sa kanilang mga ninuno subalit noong pumasok ang mga misyonerong (*takpúlok at masímo*) Amerikano kasama ang mga pastor na Pilipino taong 1979 ay naipakilala sa kanila ang relihiyon pero taong 2015, sumibol ang bagong sekta na “Ang Dating Daan” na ngayon ay mas kilala sa tawag na “Church of God.”

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ilang kalahok na may bahagdan na 6.67 ang nagsabing ang libangan ang pangatlong dahilan ng paglalakbay ng mga katutubo. Dahil sa pagpasok ng makabagong teknolohiya sa lugar na dala at impluwensiya ng mga Tagalog (*Seganon*) sa mga katutubo ay pumasok ang pangangailangan upang makasabay sa ganitong mga uso. Batay sa *Key Imformant* na aking nakausap ay bumababa ang ilan sa mga taga-Iglit upang mag-charge ng kanilang mga cellphone sa DENR Bank House na kung saan may suplay ng kuryente na kanilang ginagamit bilang libangan gaya ng panonood ng mga bidyu at pakikinig ng tugtog pati na rin ang mga sibilisadong mga katutubo.

**Talahanayan 1. Dahilan ng Paglalakbay ng mga Katutubong Taobuid**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Kabuhayan | 60.00 |
| Relihiyon | 33.33 |
| Libangan | 6.67 |

**Uri ng Transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon**

Malayo na ang narating ng tao sa lahat ng larangan at aspekto. Ang teknolohiya, siyensiya, moda, pelikula, medisina at iba pa ay malayong-malayo na kumpara sa ngayon. Ganundin ang pananampalataya, kaugalian, paniniwala, kasabihan at iba pang lumang nakagawian nang mga tao ay iba na rin sa kasalukuyan. Kung hindi man ito tuluyang nabago ng modernong panahon karamihan naman ay lubusang nag-iba siguro'y nakatakda talaga ito dahil ang tao noon at ngayon ay malaki ang pagkakaiba (Ragubalane, 2011).

Sa talahanayang ito, ipinapakita na 80.00 na bahagdan ng respondente na kalahok sa pananaliksik ang tumugon na ang paglalakad ang pangunahing uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon. Sa aking pakikipanayam, naibahagi ng impormante at ng mga katutubo na noon ay mahirap marating ang Sitio Tamisan. Kailangang maglakbay (fanluan) sa malubak na daan (daan) kapag mainit ang panahon at sa maputik na daan sa panahon ng tag-ulan. Pahirapan ang pagpasok sa Tamisan sa kadahilanang hindi pa maayos ang mga kalsada at dahil sa lokasyon nitong buludundukin. Kailangang maglakad ng kilo-kilometro bago makarating sa mismong barangay. Sa pagdaan ng panahon ay unti-unting umunlad ang sistema ng transportasyon sa lugar. Naipagawa ang mga kalsada at mga tulay patungo sa Sitio Tamisan dahil iyan sa pagsusumikap ng pamahalaan na mapaunlad ang lugar sa kadahilang pinapayabong ng lokal na pamahalaan ang turismo. Sa lugar na ito, matatagpuan ang Mts. Iglit-Baco National Park na tirahan ng mga endangered specie na *Bubalus mindorensis* na mas kilala sa tawag na Tamaraw. Kung babalikan ang kasaysayan, noon pa man ay ang mga Negrito sa Pilipinas ayon kay H. Otleybeyer, ang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

sinasabing unang pangkat na nakarating dito sa Pilipinas noong mga may 20,000 na taon na ang nakararaan. Diumano, pinaniniwalaang ring nanggaling sila sa Borneo at naglakad at tumawid sa pamamagitan ng mga tulay na lupa para marating ang Palawan, Mindoro at ilang bahagi ng Mindanao (Requierme, 2013). Dagdag pa rito ang nabanggit sa ulat ng Departmentof Infrastructure, Transport, Regional Development and Local Government ng bansang Australya tungkol sa Aboriginal People Travelling Well: Issues of Safety, Transport and Health (2008) na ang paglalakad ang pinakamatandang anyo ng transportasyon.

Ang mga respondente na may bahagdan na 13.33 ang nagsabing ang uri ng transportasyon nila ay ang paggamit ng karosa. Ayon kay Punong-tribu, ang paggamit ng ng karosa sa kasalukuyan ay sa pagdadala na lang ng produkto sa barangay. Habang ako ay nagmamasid, ilan lamang sa mga katutubo ang nagmamay-ari ng kalabaw na siyang pinagkakabitan ng karosa. Ang kinalabasan ng pagtalakay ay magkatulad sa isang blog ni Avillano (2014) na malaki ang pakinabang sa kalabaw noon pa man. Bukod sa ito ang pangunahing katulong sa pagsasaka, matatandaang ito rin ang isa sa pinakaunang uri ng transportasyon sa bansa bago pa man dumating ang mga mananakop.

Sa mga respondente, may bahagdan 6.67 ang nagsabing gumagamit sila ng kabayo bilang uri ng transportasyon. Ayon kay Pinunong-tribu na noon ay may ganitong uri ng transportasyon subalit sa paglaon ng panahon ay tila nawala na dahil sa pagpasok ng modernisasyon.

**Talahanayan 2. Uri ng Transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Paglalakad | 80.00 |
| Kalabaw | 13.33 |
| Kabayo | 6.67 |

**Uri ng Transportasyon ng mga Katutubong Taobuid ngayon**

Masasabi nating nagsimulang umunlad ang transportasyong Pilipino sa pagdating ng mga Amerikano. Madaling nakararating sa pamilihan ang mga produkto kung may maayos na sistema ng transportasyon at komunikasyon. Dahil dito, kinailangan ding magkaroon ng mga pagbabago sa aspetong ito sa pamamagitan ng pagdadala sa Pilipinas ng mga teknolohiya ginamit ng mga Amerikano sa kanilang sariling bansa (Scribblingblues, 2011).

Ang jeep ang pangunahing uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid na may bahagdan na 53.33 batay sa sagot ng mga respondente ng pananaliksik.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Apatnapung bahagdan (40) ng mga respondente ang sumagot na ang tricyle ang isa sa makabagong transportasyon ng mga katutubo. Batay sa aking obserbasyon, traysikel ang isa sa madaling transportasyon na nakakapasok sa lugar subalit kailangan pa nilang komontrata ng sasakyan gaya ng traysikel upang sila ay masundo o mapuntahan at kung mayroon man ay iyong mga traysikel na naghahatid ng mga naliligo sa Magtangkob River na pauwi (*gúli)* sa barangay.

Sa mga respondente, may bahagdan na 6.67 ang sumagot na motor ang kanilang ginagamit sa transportasyon. Sa kasalukuyan, ang motorsiklo ang isa sa mga modernong produkto na kanilang ginagamit lalo na sa pagpunta sa bayan o di kaya pagpasok ng ilang katutubo sa paaralan ng Poypoy National High School maging sa San Jose. Batay sa obserbasyon ng mananaliksik at sa naging sagot ng *Key Informant* sa lugar, lumalabas na ang ilang mga katutubong Taobuid ay mayroon nang sariling motor na siyang naging pangunahing transportasyon sa Sitio Tamisan. Karaniwan nagmamay-ari ng motor ay iyong may malapad na taniman gaya ng apo ni Punong Tribu Fausto Novelozo. Ang ilan sa kanila ay kumuha ng motor sa mga ibenibentang Repo sa mas murang halaga. Sa pag-aaral na isinagawa ni Casanova (2018) sa isa sa walong tribu ng Mangyan sa Mindoro na bahagi ng kanyang mga respondente ay nabanggit niya na ang ilang mga pamilyang Hanunuo ay may mga motorsiklo, telebisyon, refrigerator, portable radio at cellphone. Bukod sa mga kalabaw, mayroon din silang mga kabayo.

**Talahanayan 3. Uri ng Transportasyon ng mga Katutubong Taobuid ngayon**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Jeep | 53.33 |
| Tricycle | 40.00 |
| Motor | 6.67 |

**Karanasan ng mga Katutubo sa Paggamit ng Makabagong Uri ng Transportasyon.**

Ang pagkilos ay isang pangunahing kailangan ng tao at transportasyon (paglalakad, pagmamaneho, paglalakbay bilang isang pasahero) ay ang paraan na ito ay nakakamit. Ang panimulang punto para sa proyektong ito ay ang panukala na ligtas at sapat na transportasyon ay dapat na mapupuntahan lahat. Ang kakulangan ng kaligtasan ay maaaring maging resulta ng hindi sapat na transportasyon. Halimbawa, bibigyan ng isang paglalakbay - para sa trabaho, edukasyon, serbisyong medikal, kapakanan ng pamilya o pangkultura, o libangan - at limitadong mga pamilian sa transportasyon, ang tao ay maaaring maglakbay sa isang hindi ligtas na paraan sa halip na hindi maglakbay (The Lowitja Institute, 2019).

Ipinapakita sa talahanayan na may 53.33 na bahagdan na ang nakaranas ng layuan ng mga Tagalog (*Seganon*). Sa ibinahagi ng mga respondente sa pananaliksik na hindi nila makalilimutang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

karanasan ay ang layuan (*ayayuy*) sila ng mga Tagalog (*Seganon*) dahil sa hindi sila naliligo (*wag ígos*) dahil ito ay parte na ng kanilang kultura.

May bahagdan na 33.33 ng mga respondente ang nakaranas ng pagpapasakay sa bubong (*tungod bali*). Sa oras ng pakikipanayam sa ilan sa mga katutubo makikita sa kanilang mga mata ang lungkot dahil sa mga karanasang nag-iwan ng marka sa kanilang pagkatao.

Sa mga respondente, may bahagdan na 13.33 ang nakaranas ng panloloko (*fan mánaw*) sa paggamit ng transportasyon.

Lumalabas sa pagsusuri na patuloy na nakararanas ng diskriminasyon ang mga katutubo sa paggamit ng pampublikong transportasyon. Ang ganitong mga senaryo ay pinapatunayan sa artikulo ni (Paradise, 2018) sa Oxyford Research Encyclopredias na sa dami ng mga pag-aaral ay lumabas na ang rasismo ay nararanasan ng mga katutubo sa karaniwang kalagayan sa buhay, tulad ng trabaho at edukasyon at sa mga pampublikong lugar tulad ng transportasyon, shopping center, at sa internet. Kaya't sa isang artikulo mula sa dyaryong Abante (2017) ay pinanawagan ni Dra. Princess Sunshine Amirah Magdangal na nahirang bilang Ambassador to the United Nations for the Indigenous People na panahon na upang wakasan ang diskriminasyon na matagal nang idinadaing ng mga Indigenous People, bahagi rin, aniya, ng misyon ay ang pagkaisahin ang mga katutubo sa buong kapuluan.

**Talahanayan 4. Karanasan ng mga Katutubo sa Paggamit ng Makabagong uri ng Transportasyon.**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Nilalayuan ng mga Tagalog (Seganon) | 53.33 |
| Sa bubong pinasasakay | 33.33 |
| Nililoko | 13.33 |

**Paraan at Dahilan ng Pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid**

Makapamumuhay nang tahimik ang isang nilalang kung siya ay nakasanib sa isang lipunang may parehong interes at may pagkakaunawaan. Maiuugnay lamang niya ang kanyang sarili sa isang lipunan sa pamamagitan ng komunikasyon.

Makikita sa talahanayan na may bahagdan na 53.33 na mga respondente ang nagsabing isa sa paraan ng kanilang pakikipagkomunikasyon ay ang pasigaw (*guru*). Sa aking obserbasyon, sa lugar gaya ng Sitio Tamisan ang pakikipagkomunikasyon ay isang malaking hamon dahil sa ito ay

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

mabundok at mapuno kaya't ang tangi at mas madaling paraan ng pakikipagkomunikasyon ay ang pasigaw (*gúru*).

Sa paghahatid naman ng mga mahahagang impormasyon sa mga miyembro ng tribu gaya ng mga pagpupulong, may inuutusan (*faksugúan*) ang Punong tribu para maglibot sa pamayanan o hindi kaya ay ipinapasa-pasa na lang ang mensahe sa bawat miyembro nito.

Sa mga respondente, may 33.33 na bahagdan ang nagsabing pagsenyas ang paraan ng kanilang komunikasyon. Kabilang sa paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Taobuid ay ang pagsenyas. Kagaya ng sa bansang Australya na gumagamit ng di-berbal na komunikasyon na palatandaan (kilos ng kamay, ekspresyon ng mukha atbp.) na ginagamit ng Aboriginal at Torres Strait Islander na mamamayan na may iba't ibang kahulugan sa kontekstong kanluranin. Maging maingat dahil ang iyong mga di-berbal komunikasyon ay titingnan at binibigyang kahulugan. Halimbawa, ang damdamin ng pag-aalipusta maaaring maipakita sa pamamagitan ng kilos ng iyong katawan at malamang ito ay mapapansin.

Sa labinlimang (15) respondente, may bahagdan na 13.13 ang nagsabing isa sa ginagamit nila sa pakikipagkomunikasyon ay ang paggamit ng cellphone. Sa halos sampung araw kong pagmamasid sa lugar, hindi ko lubos maisip kung saan sila nakakahanap ng signal dahil sa tuwing papasok sa Barangay Poypoy ay pahirapan na ang signal ng cellphone at paswertihan pa kung saan mayroon. Natuklasan ko na umaakyat pa sila sa mataas na bahagi ng bundok para lang makahanap ng signal. Nabanggit din sa libro nina Baquiran Jr. at Zafra (2008) na "maging ang mga katutubo sa amin sa Bikol ay may cellphone na rin". Dagdag pa ang pag-aaral na inisinagawa ni Casanova (2018) na ang ilang mga pamilya ng mga katutubong Hanunuo ay may sariling mga cellphone at transistor na radyo.

**Talahanayan 5. Paraan ng Pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Pasigaw | 53.33 |
| Pagsenyas | 33.33 |
| Paggamit ng Cellphone | 13.33 |

**Dahilan ng Pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid**

Sa talahanayan, ipinapakita na 46.67 na bahagdan ng mga respondente ang nagsabing dahil sa pangangailangan kaya sila ay nakikipagkomunikasyon. Ang mga katutubong Taobuid ay likas na masisipag dahil hindi sila tumitigil sa kanilang mga tahanan bagkus patuloy silang naghahanap ng kanilang pangangailangan sa araw-araw gaya ng pagkain.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

May bahagdan na 33.33 ang mga respondenteng nagsabing ang dahilan ng pakikipagkomuikasyon nila ay dahil sa libangan.

Dalawampung (20) bahagdan ng mga respondente ang tumugon na dahil sa pagbibigay ng impormasyon kaya sila nakikipagkomunikasyon.

**Talahanayan 6. Dahilan ng Pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Pangangailangan | 46.67 |
| Libangan | 33.33 |
| Pagbibigay ng impormasyon | 20.00 |

**Karanasan ng mga Katutubo sa Paggamit ng Makabagong Uri ng Komunikasyon.**

Sa panahon kung saan ang agham at teknolohiya ay patuloy na sumisibol, iba't ibang mga gadget ang mga naiimbento't natutuklasan. Kaliwa't kanan na ang mga makabagong bagay na nalilikha ng tao. Ilan sa mga ito ay ang cellphone, computer pati na rin ang pagtuklas sa internet. Ito ang mga makabagong bagay na makagpapadali ng ating pamumuhay at ating mga gawain. Sa kasalukuyang panahon, ito ay kinahuhumalingan ng mga kabataan.

Ipinapakita sa talahanayan 7 na may 46.67 bahagdan ng mga kalahok ang nakaranas ng hirap sa paggamit ng makabagong Uri ng Komunikasyon.

Sa mga kalahok, may bahagdan na 33.33 ang nakaranas ng takot sa paggamit ng makabagong uri ng komunikasyon at dalawampung (20) bahagdan ng mga respondente naman ang nakaranas ng saya matapos gumamit ng makabagong Uri ng Komunikasyon. Lumabas sa pagtataya ng mananaliksik batay sa mga naging tugon ng mga respondente na nahirapan sila sa unang pagkakataon sa pagkatuto ng paggamit ng cellphone subalit nang lumaon ay naging masaya sila at nawili na sa paggamit nito. Patunay nito ang konklusyon na ibinigay ng Journal of Medical Internet Research (2017) na "ang mga katutubong komunidad ay masigasig na nakikibagay sa mga mobile na teknolohiya upang umakma sa kanilang mga pangangailangan sa malikhain, partikular na paraan ng kultura. Ang ganitong pagiging masigasig at pagkamalikhain, isama pa malawak na karanasan ng maraming mga katutubong komunidad na may mga teknolohiyang pangkalusugan ay nagpapakita ng mga pagkakataon para sa makabuluhan, ligtas na proseso ng pag-unlad ng kultura."

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 7. Karanasan ng mga Katutubo sa Paggamit ng Makabagong Uri ng Komunikasyon.**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Mahirap sa una | 46.67 |
| Natatakot | 33.33 |
| Masaya | 20.00 |

### Epekto ng Makabagong Transportasyon at Komunikasyon sa Kaalaman ng mga Katutubong Taobuid

Maraming tao ang kadalasang nagtatalo kung ang teknolohiya ay nakakabuti o nakakasama. Marami ang naniniwala na ang teknolohiya ay may masamang epekto sa ating lipunan, pero marami rin ang pabor sa pag-unlad ng teknolohiya dahil ito ay nagbibigay ng magandang dulot sa pamumuhay ng mga Pilipino. Ang mga pananaw na ito ay tama, subalit, kailangan nating pag-aralan ng mabuti kung ang teknolohiya nga ba ay nakakatulong o nagdudulot ng masamang epekto. Ito ay nakasalalay sa ating mga Pilipino kung paano natin ito gamitin (teknolohistang pinoy, 2008).

Ipinapakita sa talahanayan na may bahagdan na 20.00 ng mga respondente ang nagsabing nalalaman nila agad ang balita. Hindi matatawaran ang positibong epekto ng makabagong komunikasyon sa mga katutubong Taobuid patunay diyan ang pagkakaroon nila ng mga cellphone at radyo na mabisang paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon. Ayon sa aking nakausap na mga katutubo, ang pagkakaroon nila ng cellphone at radyo ay impluwensya ng mga Tagalog (*Seganon*). Ang mga radyo nila ay donasyon ng mga Non-government Organization (NGO) na ginagamit nila sa pakikinig ng mga balita (*baríta*) tungkol sa bagyo at mga nangyayari sa paligid.

May bahagdan na 46.67 ang mga respondenteng nagsabing nawiwili na ang mga katutubo sa paggamit ng cellphone.

Sa mga respondente ng pananaliksik, may 33.33 bahagdan ang tumugon ng naapektuhan ang kanilang pagsamba.

Isa sa mga makabagong teknolohiya na bagong tuklas ng mga katutubo ay ang cellphone. Ang pagkadiskubre nila nito ay nakaapekto sa kanilang kultura na pinatotohanan ng naging resulta ng pag-aaral ni Evangelista, Pimentel, Sager at Zamora (2015) na natuklasan din ng mga mananaliksik na ang pangunahing gamit ng mobile na telepono sa kanila ay pantawag at pantext at ang pangalawang gamit ng mobile ang telepono sa kanila ay para sa pagkuha ng mga larawan, paglalaro ng mga mobile na laro at pakikinig radyo at musika. Gayundin, ang hindi gaanong

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

ginagamit na gampanin ng mga mobile phone sa kanila ay ang pag-surfing sa internet at pagpapadala ng mga e-mail dahil walang internet koneksyon sa lugar at kaugnay na epekto nito ay "bukod sa hindi magandang epekto sa ugali ng mga bata ang babad na paggamit ng internet, may peligro rin na malantad sila sa mga litrato, video at web links na hindi naayon para sa mura nilang kaisipan" (GMA News Online, 2017).

**Talahanayan 8. Epekto ng Makabagong Komunikasyon sa Kaalaman ng mga Katutubong Taobuid.**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Nalalaman agad ang balita | 20.00 |
| Nawiwili sa paggamit ng cellphone | 46.67 |
| Hindi na nagsasamba | 33.33 |

**Epekto ng Makabagong Transportasyon sa Kaalaman ng mga Katutubong Taobuid**

Mula sa labinlimang (15) respondente ng pananaliksik, may bahagdan na 66.67 ang nagsabing napapadali ang pagdala ng produkto sa pamilihan. Dahil na rin sa mga programa ng Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan sa lugar ay patuloy ang kontruksyon ng mga kalsada at tulay na dati ay malubak, maalikabok at maputik at dati ay pahirapang marating. Sa pagpapabalik-balik ng mananaliksik sa lugar ay makikita na ang sementadong daan na kung saan ilang minuto lang ay mararating na ang Sitio Tamisan. Ang pagkakaroon ng sementadong daan (*dálan*) ang nanghihikayat sa mga mamumuhunan na umangkat ng produkto (*famabíli*) sa mga katutubo at maidala nang mabilisan sa bayan.

May bahagdan na 33.33 ang respondenteng tumugon sa panayam na napapadali ang pagpunta sa bayan dahil sa makabagong transportasyon.

Ang pagpapakilala ng teknolohiya ay maaaring magbago o magbago ng mga tradisyon. Ang mga katutubo ay may mahabang kasaysayan ng tradisyon at kultura na nagpapakilala sa kanila at ginagawang natatangi ang kanilang tribo. Ang mga ito ay maaaring maging relihiyon sa likas na katangian o nakaugat sa kanilang lipunan. Ang pagpapakilala sa teknolohiya ay maaaring makagambala sa kanilang mga tradisyon sa iba't ibang paraan. Ang isang paraan na nakagagambala sa kanila ay kung ano ang mahalaga. Tulad ng teknolohiya, na lumikha ng mas mabilis na pagbabago sa pamumuhay para maging produktibo, maraming mga tao sa mga mauunlad na lipunan ay nakakagambala at nawalan ng pokus. Ang isa pang paraan na ito ay maaaring mangyari sa loob ng mahabang panahon, ang katutubong lipi ay maaaring sumunod sa

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

isang perpektong kultura. Karamihan sa mga tao ay nagsisikap na maging isang Amerikano o European, ang mga katutubong lipi ay maaaring mawalan ng ugnayan sa paglipas ng panahon habang ang mga kultura ay mas pinagsama (Technology In Indigenous Communities, 2018).

**Talahanayan 9. Epekto ng Makabagong Transportasyon sa Kaalaman ng mga Katutubong Taobuid.**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Napapadali ang pagdala ng produkto | 66.67 |
| Napapadali ang pagpunta sa bayan | 33.33 |

**Pamamaraan na Ginagamit ng mga Katutubong Taobuid para Makaagapay sa Makabagong Pamamaraan ng Transportasyon at Komunikasyon**

Ayon sa deklarasyon ng United Nations sa mga karapatan ng mga katutubo ay isinasaad sa Artikluo 11 na Ang mga katutubo ay may karapatan na isagawa o patingkarin ang kanilang mga pangkultural na tradisyon at kaugalian. Kabilang dito ang mga karapatan na mapanatili, mapangalagaan at mapaunlad ang mga nagdaan, kasalukuyan at hinaharap na mga manipestasyon ng kanilang mga kultura, katulad ng mga arkyolohikal, makasaysayang pook, artifacts, disenyo, seremonya, teknolohiya at biswal at performing arts at literatura.

Ipinapakita sa talahanayan na may 33.33 bahagdan ng mga respondente ang nagpahayag na nagbebenta sila ng produkto para makabili ng mga makabagong mga gadyet at makasakay sa mga sasakyan. Sinusuportahan iyan ng nabanggit sa pag-aaral ni Casanova (2014) mula sa pag-aaral ni Lumbo et. al. (2012) na ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng Mangyan ay agrikultura. Sila ay nagtatanim ng palay (kabundukan at patag), saging, niyog, citrus, namu at gulay. Ang mga produkto ng kagubatan tulad ng mga orchid, pulot, nito at yantok ay tinipon ng mga katutubo at ibinebenta sa patag sa panahon ng tag-init. Kabilang sa iba pang pinagmumulan ng kabuhayan ay ang pagyari sa kamay (walis, basket, banig,) paghabi, pagnanami (pangangalap ng ligaw na nami), pagku-cogon, pagbebenta ng kawayan, pag-aalaga ng mga hayop at pagtatrabaho bilang mga manggagawang sa kalapit na mga nayon sa panahon ng pagtatanim at pag-aani.

May bahagdan na 33.33 ng mga kalahok na tumugon na naglilinis na sila ng kanilang katawan. Sa pagbalik namin sa Tamisan, nakita ko kung paano nagbago ang aspeto ng kanilang kalinisan. Makikita mo sa ilog na ang mga katutubo ay naliligo (*igos*) at naglalaba (*glaba*) na rin ng kanilang mga damit (*baro*). Gumagamit na rin sila ng mga bareta, detergent powder at maging ang paglilinis ng kanilang ngipin ay kanila na ring ginagawa. Ang pagiging sibilisado ng mga katutubo ang tuluyang nagwawaksi ng diskriminasyon. Natututo na rin silang pangalagaan at maging malinis sa katawan upang maiwasan ang diskriminasyon gaya ng paglayo sa kanila sa mga pampublikong transportasyon at pagsasabi sa kanila ng salitang “Mangyan! Mangyan!” na lubhang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

nakakasakit sa kanilang kalooban kagaya ng ulat ni Michael (2015) na ang kapansin-pansin tungkol sa Afrophobia sa Ireland ay ang pampublikong pamamahiya ng mga tao ng African, na kung saan ay madalas na nakikita, at ang sabay-sabay na pagsubaybay ng mga tao sa mga itim sa mga pampublikong espasyo.

Sa mga respondente, dalawampung (20) bahagdan ang tumugon na nangungutang sila. Sa artikulo ng Prosper Canada ni Popovic (2017) na ang mga katutubo na naninirahan sa mga komunidad sa buong bansa ay nakakaranas ng mga hamon sa ekonomiya na nagmumula sa kalayuan ng kanilang lokasyon, mataas na gastos para sa mga pangunahing pangangailangan at kakulangan ng mga pondo para sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad. Depende sa hiyograpikong lokasyon, ang mga komunidad ay kadalasang nahaharap sa paglimita o walang pag-aksis sa lahat ng ligtas at abot-kayang mga institusyong pinansyal at serbisyo.

Ang mga respondente, 13.33 bahagdan ang nagsabing nag-iipon sila para makabili ng mga gusto nila gaya ng cellphone.

**Talahanayan 10. Pamamaraan na Ginagamit ng mga Katutubong Taobuid para Makaagapay sa Makabagong Pamamaraan ng Transportasyon at Komunikasyon.**

| INDIKEYTOR | BAHAGDAN |
|---|---|
| Nagbebenta ng produkto | 33.33 |
| Naglilinis ng katawan | 33.33 |
| Nangungutang sa mga pautangan | 20.00 |
| Nag-iipon | 13.33 |

## NATUKLASAN

Matapos ang pagsusuri sa pag-aaral na ito, napag-alaman ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ayon sa nakalap na datos sa pag-aaral na ito, ang dahilan ng paglalakbay ng mga Katutubong Taobuid ay ang mga sumusunod: kabuhayan (60%), relihiyon (33.33%) at libangan (6.67%)
2. Batay sa nakalap na datos, ang uri ng transportasyon noon ay paglalakad (80.00%), gumagamit ng kalabaw (13.33%) at ang gumagamit ng kabayo (6.67%). Ang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

makabagong anyo ng transportasyon ngayon na ginagamit ng mga katutubo ay jeep (53.33%), sumasakay sa tricycle (40.00%) at sumasakay sa motor (6.67%).

3. Sa pagsusuri, ang sumusunod ang naging karanasan ng mga katutubo sa paggamit ng makabagong transportasyon: nakararanas na nilalayuan sila ng mga Tagalog (Seganon) (53.33%), mas pinipiling sa bubong na lang ng sasakyan sumakay o pinasasakay (33.33%) at niloloko pagdating sa pagbabayad o pagsusukli (13.33%).
4. Batay sa kinalabasan ng pagtalakay, ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid ay ang sumusunod: pasigaw (53.33%), pagsesenyas (33.33 %) at gumagamit ng cellphone (13.33). Ang mga sumusunod ay dahilan ng pakikipagkomunikasyon: pangangailangan (46.67%), libangan (33.33 %) at pagbibigay ng impormasyon (20.00%).
5. Batay sa mga karansan ng mga katutubo sa paggamit ng makabagong uri ng komunikasyon na sinuri ay nagresulta sa mga sumusunod: nahirapan sa una (46.67%), natakot sa paggamit (33.33 %) at nagsabing masaya ang paggamit (20.00%).
6. Ayon sa nakalap na mga datos sa ukol sa epekto ng makabagong komunikasyon sa kaalaman ng mga Katutubong Taobuid ay napag-alaman na: nalalaman nila agad ang balita (20.00%), nawiwili sa paggamit ng cellphone (46.67%) at hindi na nagsasamba (33.33%). Batay sa epekto ng makabagong transportasyon, napag-alaman ang sumusunod: Napapadali ang pagdala ng produkto (66.67%), at napapadali ang pagdala ng produkto sa bayan (33.33).
7. Ayon sa mga nalikom na datos, ang mga sumusunod ay pamamaraan na ginamit ng mga Katutubong Taobuid para makaagapay sa makabagong Pamamaraan ng Trasportasyon at Komunikasyon: nagbebenta sila ng produkto (33.33%), naglilinis na sila ng kanilang katawan (33.33%), nangungutang sa mga pautangan (20.00%) at nag-iipon (13.33%).

## IV. Konklusyon

Sang-ayon sa sagot ng mga kalahok at datos na nakalap na sinuri at pinakahulugan ng mananaliksik ay natuklasan ang mga sumusunod:

1. Ang dahilan ng paglalakbay ng mga Katutubong Taobuid ay dahil sa kanilang kabuhayan.
2. Ang pinakaunang uri ng transportasyon ng mga Katutubong Taobuid noon ay paglalakad, nang lumaon ay gumamit na sila ng dyip bilang makabagong uri ng transportasyon.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

3. Lumalabas naman sa mga nakalap na datos na nilalayuan pa rin ng mga Tagalog (Seganon) ang mga katutubo, patunay na patuloy pa rin ang diskriminasyon sa kanila.
4. Ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Katutubong Taobuid ay pasigaw. Ang pangangailangan naman ang pinakadahilan ng pakikipagkomunikasyon ng mga katutubo.
5. Nakaranas ng hirap sa una ang mga Katutubong Taobuid sa paggamit ng makabagong uri ng Komunikasyon.
6. Ang epekto ng makabagong komunikasyon ay nawiwili ang mga katutubo sa paggamit ng cellphone at napapadali naman ang pagdala ng produkto dahil sa mga modernong sasakyan na siyang epekto ng makabagong transportasyon sa mga katutubo.

Nagbebenta sila ng kanilang mga produkto upang makabili ng makabagong gamit sa komunikasyon at naglilinis sila ng kanilang mga katawan upang maiwasan at makaagapay sa makabagong Pamamaraan ng Transportasyon at Komunikasyon.om

## V. Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at ang naging konklusyon nito, narito ang mga rekomendasyon ng mananaliksik upang lalo pang mapalawak ang pag-aaral tungkol sa Etnolinggwistikong Pagtingin sa Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon ng mga Taobuid Mangyan:

1. Iminumungkahing paunlarin ang pang-ekonomiyang aspeto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sasakyan na magagamit sa pagdadala ng kanilang produkto sa mga pamilihan.
2. Paunlarin ang transportasyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga kalsada gaya ng mga proyektong farm-to-market road nang hindi isinasantabi ang kultura ng mga katutubo.
3. Magsagawa ng programa ang Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan para sa pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa mga katutubo ng sa ganoon ay maiwan o tuluyang maiwaksi ang diskriminasyon. Para sa Kagawaran ng Kalusugan, bigyang-tuon ang pagtuturo sa mga katutubo ng tamang pangangalaga sa katawan.
4. Panatilihin ang ganitong kultura subalit mas makabubuting paunlarin na rin ang Sistema ng Komunikasyon sa lugar sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga cell site para sa mas maayos na pakikipagkomnikasyon.
5. Iminumungkahi ng mananaliksik na panatilihin ang katutubong paraan ng pakikipagkomunikasyon at kasabay nito ang pagtanggap sa mga makabagong teknolohiya

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

na makakatulong upang mapadali ang komunikasyon at bigyan sila ng gabay sa paggamit nito nang sa ganoon ay hindi tuluyang mawala ang kanilang kultura.

6. Kasabay ng pagkakaroon ng kamalayan sa mga modernong teknolohiya sa transportasyon at komunikasyon ay bigyan ng paggabay ang mga katutubo sa tamang pagsuri sa mga balita na maaaring makuha sa radyo at cellphone at turuan sila ng mga batas ukol sa tamang paggamit ng sasakyan sa mga lansangan.

7. Patuloy na isagawa ang mga pamamaraan upang makaagapay sa pagbabago sa Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon nang hindi naisasantabi ang kulturang kinagisnan. Mas mainam na isama sa kurikulum nila ang pag-aaral ng kanilang kultura upang hindi makalimutan ng mga bagong henerasyon ng mga katutubo.

## TALASANGGUNIAN

[1] Abante. (2017, November 9). Epekto ng teknolohiya. Nakuha mula sa https://tonite.abante.com.ph/epekto-ng-teknolohiya.htm noong Marso 22, 2019
[2] Adolfo, J. (2018). Kahulugan ng Komunikasyon. Nakuha mula sa https://www.coursehero.com/file/27506403/Ang-Kahulugan-ng-Komunikasyonpdf/ noong Setyembre 20, 2018
[3] Ancient-origins.net. (2015). The Bullroarer: An Instrument That Whirls Through Cultures and Time. Nakuha mula sa https://www.ancient-origins.net/artifacts-other-artifacts/bullroarer-instrument-whirls-through-cultures-and-time-004928 noong Pebrero 18, 2019
[4] Arenas, A. (2014). Ang Kahalagahan ng Komunikasyon. Nakuha mula sa https://prezi.com/hmjwkp3tpt98/ang-kahalagahan-ng-komunikasyon/?webgl=0 noong Setyembre 23, 2018
[5] Australian Health Ministers' Advisory Council. (2011). Aboriginal and Torres Strait Islander Health Performance Framework Report 2010, AHMAC, Canberra. Nakuha mula sa: http://www.health.gov.au/indigenous-hpf/ noong Setyembre 29, 2018
[6] Askeland, K., Bull, T., at Mittelmark M. (2010). Understanding how the poorest can thrive: A case study of the Mangyan women on Mindoro, Philippines. Master of Philosophy in Health Promotion. University of Bergen
[7] Avillano, L. (2014). Ang Kalabaw Bilang Pambansang Hayop ng Pilipinas. Nakuha mula sa http://kulturang-noypi.blogspot.com/2014/10/ang-kalabaw-bilang-pambansang-hayop-ng.html noong Marso 1, 2019
[8] Baquiran, Jr. R. at Zafra, G. (2008). Sawikaan 2007: Mga Salita ngTaon. Econofast Press
[9] Botangen K., Vodanovich S., at Yu J. (2017). Preservation of Indigenous Culture among Indigenous Migrants through Social Media: the Igorot Peoples. Proceedings of the 50th Hawaii International Conference on System Sciences | 2017. 2303-2312
[10] Buhay OFW. (2010-2015). Ang Komunikasyon Noon at Ngayon. Nakuha mula sa https://buhayofw2010-2015.blogspot.com/2012/09/ang-komunikasyon-noon-at-ngayon.html noong Setyembre 29, 2018
[11] Causing, E. (n.d) Pag-unlad ng Transportasyon at Komunikasyon sa Panahon ng mga Amerikano. Nakuha mula sa https://www.academia.edu/31660446/ARALIN_3_PAG-

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

UNLAD_NG_TRANSPORTASYON_AT_KOMU_NIKAS_YON_SA_PA_NA_HON_NG_MGA_AMERIKANO noong Setyembre 24, 2018

[12] Corralesso, Edrick. (2017). Paglalakbay kahulugan. Nakuha mula sa https://brainly.ph/question/858065 noong Pebrero 20, 2019

[13] Currie, G. (2007). Indigenous Communities Transport Disadvantage and Aboriginal Communities. Nakuha mula sa http://books.publishing.monash.edu/apps/bookworm/view/No+Way+To+Go%3A+Transport+and+Social+Disadvantage+in+Australian+Communities/133/xhtml/chapter09.html noong Mayo 23, 2018

[14] Casanova, V. (2014). Ethnolinguistic Vitality Assessment of Hanunuo. Master's Thesis. Philippine Normal Univeristy, Taft Avenue Manila

[15] David, K. (2014). "Daang Ilog": dokumentaryo ni Kara David sa 'I-Witness'.Nakuha mula sa http://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/351432/daang-ilog-dokumentaryo-ni-kara-david-sa-i-witness/story/noong Setyembre 28, 2018

[16] De-Laza, CS. (2016). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Manila. Rex Book Store Inc.

[17] Dueñas, J. (2016). Teknolohiya sa Kabataan at Edukasyon. Nakuha mula sa http://dinalupihan.gov.ph/index.php/services/219-teknolohiya-sa-kabataan-at-edukasyon noong Pebrero 23, 2018

[18] Egg Yok. (2013). Kahulugan at Kahalagahan ng Komunikasyon. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/Eggyokyok/kahulugan-at-kahalagahan-ng-komunikasyon noong Setyembre 18, 2019

[19] Evangelista, M., Pimentel, E., Sager, SD., at Zamora, F. (2015). 251 INFLUENCE OF MOBILE PHONES ON AN INDIGENOUS COMMUNITY IN BAMBAN, TARLAC, PHILIPPINES. LPU Laguna Journal of Arts and Sciences Communication, Research Vol. 2 No.1

[20] GMA News Online. (2017). Alamin ang masamang epekto ng sobrang babad ng bata sa gadgets at internet. Nakuha mula sa https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/608360/alamin-ang-masamang-epekto-ng-sobrang-babad-ng-bata-sa-gadgets-at-internet/story/ noong Enero 20, 2019

[21] Graham C., Janet S., at John Stanley. (2007). No Way To Go: Transport and Social Disadvantage in Australian Communities. Monash University Publishing. Section 3

[22] Groh, A. (2016). The Impact of Mobile Phones on Indigenous Social Structures: A Cross-cultural Comparative Study. J Communication, 7(2): 344-356

[23] Hoque, MD., (2006). Radio and Indigenous peoples The Role of Radio in the Sustainable Livelihoods of Indigenous Peoples; A Case Study of the Rakhaing and the Garo People of Bangladesh. Master of Philisophy Thesis. University of Tromsø Norway

[24] Helps Y.L., Moller J., Kowanko I., Donnel KO., Crespigny CD. (2008). Aboriginal People Travelling Well: Issues of safety, transport and health. Nakuha mula sa https://infrastructure.gov.au/roads/safety/publications/2008/pdf/RSRG_1.pdf noong Pebrero 10, 2019

[25] Inquirer Southern Luzon. (June 16, 2016). Saving Mangyan lives with 'salbabida'.Nakuha mula sa http://newsinfo.inquirer.net/790941/saving-mangyan-lives-with-salbabida#ixzz5GJm3bqRn noong Mayo 23, 2018

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

[26] Jones L., Jacklin K., at O'Connell M. (2017). Development and use of health-related technologies in indigenous communities: Critical review. Journal of Medical Internet Research, 19(7),[e256]
[27] JW.ORG. Transportasyon Kaunawaan sa Kasulatan, Tomo 2. (n.d). Nakuha mula sa https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/1200004469 noong Setyembre 28, 2018
[28] JW.ORG. Mga Awto, Noon at Ngayon. (n.d). Nakuha mula sa https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/102003009 noong Setyembre 28, 2018
[29] Mangyan Heritage Center. Tau-buhid. (n.d). Nakuha mula http://mangyan.org/content/Taobuid noong Mayo 22, 2018
[30] Mazey, B. (2013). Aboriginal Transport. Nakuha sa https//www.prezi.com noong Mayo 23, 2018
[31] Michael, L. (2015). Afrophobia in Ireland Racism against people of African descent. Ireland. ENAR Ireland, Dublin 2.
[32] MukurtuArchive.org. (2018). The Pros and Cons of Technology for Indigenous Tribes. Nakuha mula sa http://www.mukurtuarchive.org/pros-and-cons-of-technology-for-indigenous-tribes.html noong Enero 24, 2019
[33] Namranna. (n.d). 10 kahulugan ng komunikasyon hango sa sampung aklat. Nakuha mula sa https://brainly.ph/question/1582638 noong Marso 13, 2019
[34] National Aboriginal Economic Development Board. (2014). Study on Addressing the Infrastructure Needs of Northern Aboriginal Communities. Nakuha mula sa https://www.researchgate.net/publication/322235470_Study_on_Addressing_the_Infrastructure_Needs_of_Northern_Aboriginal_Communities noong Pebrero 20, 2019
[35] National Economic and Development Authority MIMAROPA. (2017). MIMAROPA Regional Development Plan 2017-2010.Nakuha mula sa www.neda.gov.ph/wp-content/uploads/2018/02/4B-MIMAROPA-RDP-2017.pdf noong Marso 1, 2019
[36] Nuada, D. (2012). Kalagayan ng mga Katutubo sa Kasalukuyan.Nakuha mula sa https://www.scribd.com/doc/306048176/Kalagayan-Ng-Mga-Katutubo-Sa-Kasalukuyan noong Setyembre 15, 2018
[37] Paradise, Y. (2018). Racism and Indigenous Health. Nakuha mula sa http://oxfordre.com/publichealth/view/10.1093/acrefore/9780190632366.001.0001/acrefore-9780190632366-e-86 noong Marso 20, 2019
[38] Peraz, A. (2011). Transportasyong Pilipino: Kontribusyon ng mga Amerikano. Nakuha mula sa https://scribblingblues.wordpress.com/2011/01/30/transportasyong-pilipino-kontribusyon-ng-mga-amerikano/ January 30, 2011 noong Setyembre 25, 2018
[39] Popovic, T. (2017). Customizing financial education for youth and Aboriginal peoples. Nakuha mula sa http://prospercanada.org/News-Media/Blog/September-2017/Customizing-financial-education-for-youth-and-Abor.aspx noong Enero 20, 2019
[40] Philips, J. (2015). Why Is Transportation Important?. Nakuha mula sa https://johnkphilips.co.uk/why-is-transportation-important/ noong Setyembre 30, 2018
[41] Ragubalane. (2011). Noon at ngayon. Nakuha mula sa https://definitelyfilipino.com/blog/noon-at-ngayon/ noong Pebrero 21, 2019
[42] Raut, S., Biswal S., Rout, S., Sahoo S., et al. (2015). Importance of Transportaion and its contribution to Economy in Context of India. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/sunil133/significance-of-transportation-55618349 noong Setyembre 30, 2018

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

[43] Rebong, F. (2014). Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/franzharveyrebong/sistema-ng-transportasyon-at-komunikasyon noong Setyembre 21, 2018

[44] Rice, E., Haynes, E., Royce, P., at Thompson, S. (2016). Social media and digital technology use among Indigenous young people in Australia: a literature review. Int J Equity Health. 15: 81

[45] Romualdez, P. (1977). The Mangyans of Mindoro Photographs and Text by Philip Romualdez. Englewood Cliffs, N.J.Prentice-Hall, International, Inc

[46] Requierme, R. (2013). Mga Katutubo sa Pilipinas.Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/rigilerequierme/mga-katutubo-sa-pilipinas noong Pebrero 15, 2019

[47] Sebastian, Arthur C., Dando, L.R., Galang, Rainier M. (2013). Phase II Documentation of Philippine Traditional Knowledge and Practices on Health and Development of Traditional Knowledge Digital Library on Selected Ethnolinguistic Groups: The TAU BUHID MANGYAN people of Sitio Safa, Sabang, Pinamalayan, Oriental Mindoro.___.

[48] Scribblingblues. (2011). Transportasyong Pilipino: Kontribusyon ng mga Amerikano. Nakuha mula sa https://scribblingblues.wordpress.com/2011/01/30/transportasyong-pilipino-kontribusyon-ng-mga-amerikano/ noong Marso 18, 2019

[49] Teknolohistang pinoy. (2008). EPEKTO NG TEKNOLOHIYA: Nakakatulong nga ba o nakakasama?. Nakuha mula sa https://teknolohistangpinoy.wordpress.com/2008/03/18/c-epekto-ng-teknolohiya-nakakatulong-nga-ba noong Pebrero 12, 2019

[50] Tonite.Abante. (2017, November 9). Epekto ng teknolohiya. Nakuha mula sa https://tonite.abante.com.ph/epekto-ng-teknolohiya.htm noong Marso 20, 2019

[51] The Lowitja Institute. (2019). Aboriginal people travelling well. Nakuha mula sa https://www.lowitja.org.au/page/research/research-categories/health-services-and-workforce/cultural-safety/completed-projects/aboriginal-people-travelling-well noong Marso 22, 2019

[52] Watts, K. (2013). INDIGENOUS CHALLENGES Lifestyle change takes toll on Aboriginal health. Nakuha mula sa http://health.thewest.com.au/news/757/lifestyle-change-takes-toll-on-aboriginal-health noong Pebrero 8, 2019

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved